ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LVI Blg. 6
Marso 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Sa pagkulong kay Duterte, paigtingin ang paglaban sa rehimeng US-Marcos

Labis na ikinagalak ng sambayanang Pilipinong naghahangad ng katarungan ang pag-aresto at pagkukulong sa dating pinunong tirano na si Rodrigo Duterte sa mga pasilidad ng International Criminal Court (ICC) sa bansang The Netherlands noong Marso 11. Isa itong malaking tagumpay, hindi lamang para sa mga biktima ng malawakang mga pagpatay na ipinag-utos ni Duterte sa balangkas ng "gera sa droga," kundi para sa lahat ng biktima ng pasistang pananalasa sa ilalim ng kanyang teroristang paghahari.

Ibinubukas nito ang posibilidad na mapanagot at maparusahan si Duterte sa kanyang mga krimen sa sangkatauhan, bagay na halos imposible sa ilalim ng bulok na naghaharing sistema sa pulitika at katarungan sa Pilipinas.

Walong taon na ang lumipas mula nang simulan ang kaso sa ICC. Labis pa itong naantala dahil sa pagtanggi ng rehimeng Marcos na makipagtulungan sa ICC mula 2022 dahil sa pakikipag-alyansa noon ni Marcos sa mga Duterte. Ngayon na lamang, na tuluyang naglaho ang alyansang ito, pumayag si Marcos na bigyang daan ang ICC upang magamit ito (pati na ang pagpapatalsik kay Sara Duterte) sa pagsisikap niyang ikonsolida ang kanyang kapangyarihan at alisin ang malalaking sagka sa tangka niyang palawigin ang paghahari lagpas sa 2028.

Ang totoo, bingi pa rin si Marcos sa sigaw ng bayan para panagutin si Duterte sa kanyang mga krimen, katulad na bingi siya sa mga sigaw para sa katarungan sa lahat ng paglapastangan sa karapatang-tao sa panahon ng paghahari ng diktador ng kanyang ama. Ang mga pasistang patakaran ng rehimeng Duterte ay siya ring ipinatutupad ngayon ni Marcos Jr para sa malawakang panunupil sa sambayanang lumalaban.

Pinopondohan ngayon ng mga Duterte ang isang sistematiko at malawakang kampanya ng disimpormasyon at pekeng pagbabalita sa *social media*. Upang makuha ang simpatya ng publiko, pinalalabas ngayon ng kampong Duterte na "kaawa-awa" at "biktima" ng pampulitikang panggigipit ang dating punong pasistang tirano, at na ang pag-aresto sa kanya ay labag sa batas at kasarinlan ng bansa. Ginagamit ito hindi bilang mga argumento sa ICC, kundi para gatungan ang emosyon ng mga maka-Duterte, at makapagpagulong ng mga rali.

Tinatabunan nila ang ilampung libong kalansay ng mga biktima ng pamamaslang sa panahon ng brutal na paghahari ni Duterte. Target ng panduduro at pananakot maging ang mga biktima at kanilang mga pamilya. Itinatago nila ang katotohanang ginamit ni Duterte ang kapangyarihan sa tabing ng "gera sa droga" para kontrolin ang suplay ng droga at maging pinakapanginoon ng lahat ng *drug lord* sa Pilipinas. Binubura nila sa alaala ng taumbayan



kung paano silang lalong naghirap at nagdusa sa mga patakarang anti-manggagawa, anti-magsasaka, anti-mahirap at anti-nasyunal ni Duterte, kasabay ang napakalalang korapsyon at pagkamal ng yaman ng kanyang pamilya at mga alipures.

Malayo pa ang laban sa ICC ng mga biktima at sambayanang Pilipino. Daraan pa ito sa maraming liko't ikot. Dapat hikayatin at tulungan na magsalita at tumestigo ang libu-libo pang biktima at saksi upang palakasin ang kaso sa ICC at ang panawagang parusahan si Duterte at lahat ng kanyang kasabwat sa kanilang mga krimen.

Sa paglilitis kay Duterte sa ICC, nagbukas ang bagong larangan ng pakikibaka para sa pagpapanagot sa mga buhong na diktador, tirano at mga balot-sa-bakal na pasista, na halos imposibleng maparusahan sa ilalim ng mga reaksyunaryong korte sa Pilipinas. Marapat na suportahan at palakasin ang panawagan na muling pumaloob ang Pilipinas sa ICC at itulak ang rehimeng Marcos na gawin ito. Sa harap ng hindi patas na pag-iral at pagpapatupad ng batas ng papet na estado sa Pilipinas, ang muling pagpaloob sa ICC ay pabor sa libu-libong biktima ng pasistang panunupil at terorismo ng estado na naghahangad ng katarungan. Kasabay nito, dapat paghandaan ang pagsasampa ng mga kaso sa ICC laban kay Marcos, sa mga upisyal ng AFP at PNP, sa mga kumander ng mga dibisyon at batalyon, na pasimuno ng mga krimen laban sa sangkatauhan at krimen sa digma.

Kasabay nito, dapat patuloy na isagawa ang malawakang propaganda at edukasyon upang itulak ang pagpapanagot kay Duterte at paniningil kay Marcos sa nagpapatuloy na pasistang panunupil, pagpapahirap sa bayan, korapsyon at pagsusunud-sunuran sa dayuhang imperyalistang interes. "Marcos-Duterte, walang pinag-iba" sa malalalang krimen ng ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot, tortyur, pagkukulong at pagsasampa ng gawa-gawang kaso at pagtatanim ng ebidensya, laban sa mamamayang nakikibaka. Dapat patuloy na palakasin ang paglaban kay Marcos at sa mga upisyal ng militar at pulis na patuloy sa pasistang pamamayagpag at pandarahas sa mamamayan.

"Marcos-Duterte, walang pinag-iba" sa pagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Walang nagbago sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin, laganap na disempleyo, at pagbagsak ng kabuhayan ng mayorya ng mamamayan. Walang nagbago sa mga pahirap na patakarang pagpako ng mababang sahod ng mga manggagawa, maramihang pag-iimport ng bigas at iba pang produktong pang-agrikultura sa kapinsalaan ng lokal na produksyon, at pagpabor sa mga dayuhang kapitalistang mandarambong sa yaman ng bansa at sumisira sa kalikasan. Walang nagbago sa walang-awat na pangungutang, korapsyon sa mga kontrata ng gubyerno, ismagling, at sosyohan sa mga kartel at mga sindikatong kriminal.

"Marcos-Duterte, walang pinag-iba" sa pagpapakaladkad sa sigalot ng US at China. Sa ilalim ni Marcos, lalong naghahari-harian ang mga pwersang militar ng US sa Pilipinas, at lalong lumalaki ang banta na madamay ang bansa sa digmaang imperyalista, kasabay ang papalaking papel ng US sa pagsusuplay ng mga armas at kagamitan sa AFP na gamit sa gera ng panunupil laban sa mamamayan.

Sa katapus-tapusan, ang tunay na pagbabagong hangad ng sambayanan ay makakamit lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pagbabago sa Pilipinas. Patuloy na tumitindig at lumalaban ang sambayanang Pilipinong pinahirapan ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Dapat ibagsak ang bulok na reaksyunaryong neokolonyal na estado ng malalaking burgesyang komprador, malalaking panginoong maylupa at burukratang kapitalista.

Para makamit ang hinahangad na katarungan at tunay na kalayaan, dapat ubos-kayang suportahan, isulong at paigtingin ng sambayanang Pilipino ang armadong pakikibaka ng Bagong Hukbong Bayan. Sa pamamagitan lamang ng pagtatagumpay ng digmang bayan matitiyak na mabibigyan ng hustisya ang lahat ng biktima ng pang-aapi at pagsasamantala at matatamo ang hinahangad na pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalistang hinaharap. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 6 | Marso 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Sa pagkulong kay Duterte, paigtingin ang paglaban sa rehimeng US-Marcos 1
Pag-aresto kay Duterte, ikinatuwa 4
Krisis sa kabuhayan, direktang atake sa kababaihan 5
Karahasan ng estado laban sa kababaihan 5
"Tour of duty" sa BHB 6
Rebyu sa Ulos 2024 6
Sa madaling salita 7
Mapanirang proyektong dam sa Mindoro 8
War games ng US sa South Korea at Pilipinas 9
Welga sa Nexperia Philippines, tagumpay 10
Mga protesta 10
3 pinaslang ng AFP sa mga pekeng engkwentro 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Pag-aresto at pagharap ng ICC sa mga krimen ni Duterte, ikinatuwa ng kanyang mga biktima

Ipinagdiwang ng mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang at pasismo ni Rodrigo Duterte ang pag-aresto at pagharap sa kanya sa International Criminal Court (ICC) ngayong Marso. Inaresto ng tauhan ng Philippine National Police si Duterte sa bisa ng mandamyento de aresto na inilabas ng ICC noong Marso 11 na ipinatupad ng International Criminal Police Organization. Inihain sa kanya ang mandamyento paglapag niya sa Ninoy Aquino International Airport mula sa pagbiyahe niya sa Hong Kong.

"Walang katumbas na saya ang naramdaman ko, kasabay ng pagluha dahil sa saya sa pag-aresto kay Duterte," ayon kay Nanay Dahlia Cuartero, ina ng isang biktima ng gera kontra droga at kasapi ng Rise Up Mothers.

Ayon kay Jane Lee, asawa ng isa pang biktima, halu-halo ang kanyang emosyon. "Naiiyak ako, gustong-gusto ko siyang (Duterte) makitang nakakulong. Pagbayaran nila ang ginawa nila sa amin. Siya, inaresto pa lang ng mga kapulisan, ang aming mga kaanak pinatay agad. Napakalaki ng pagkakaiba sa pagitan ng makapangyarihan at ordinaryong taong tulad namin," aniya.

Noong hapon ng Marso 11, kabi-kabilang protesta ang inilunsad sa buong bansa. Mahigit 500 ang nagtipon sa Welcome Rotonda sa Quezon City sa pangunguna ng mga pamilya ng biktima, hindi lamang ng gera kontra sa droga, kundi ng patakaran sa pagpaslang sa mga aktibista ng rehimeng Duterte.

Nagkaroon ng mga pagkilos, karamihan sa pangunguna ng mga grupo ng kabataan, sa La Union, Isabela, Baguio City, Pasig City, Laguna, Tarlac, Iloilo City, at Cebu City. Kumilos din ang mga estudyante sa loob ng mga kampus ng University of the Philippines, Polytechnic University of the Philippines-Manila, University of Sto. Tomas, De La Salle University, at Ateneo de Manila University.

Nanindigan rin ang mga migranteng Pilipino sa maraming bahagi ng mundo laban kay Duterte. Nagkaroon ng mga protesta sa United States, United Kingdom, at iba pang mga bansa. Nagmartsa ang mga progresibong organisasyon tungo sa *compound* ng ICC para salubungin ng protesta si Duterte sa kanyang pagdating.

Nagprotesta rin ang mga pamilya ng bikitma at mga progresibong organisasyon noong Marso 14 at muli noong Marso 17 para igiit ang pagbabalik ng Pilipinas sa ICC at batikusin ang rehimeng Marcos sa sarili nitong mga pasistang krimen.

Naayon sa proseso

Sa mandamyento de aresto na may petsang Marso 7, saklaw ng kaso laban kay Duterte ang mga insidente ng pagpatay mula Nobyembre 1, 2011 hanggang Marso 16, 2019. Hindi bababa sa 19 sa mga pagpatay na ito ay naganap sa panahong mayor siya ng Davao City at 24 na kaso sa panahon na pangulo na siya ng Pilipinas. Ang mga kasong ito ang pinakamagpapakita sa padron ng sistematikong pagpatay alinsunod sa patakaran ni Duterte.

Sa dokumentong isinapubliko ng ICC noong Marso 13, pinangalanan si Duterte bilang "pinakaresponsable" sa krimen laban sa sangkatauhan, at "utak" ng pagbubuo at pagpapalaganap sa plano para targetin ang "karaniwang mga kriminal." Tinukoy din ng dokumento na mayroong mga "co-perpetrator" o kasabwat si Duterte sa krimen. Di nalalayong ilalabas na rin ng korte ang mandamyento de aresto para sa kanila.

Noong Marso 14, iniharap si Duterte sa Pre-trial Chamber I kung saan ipinabatid sa kanya ang kasong isinampa laban sa kanya, at ang kanyang mga karapatan bilang suspek. Sa 29-minutong pagdinig, sinabi ng korte na wastong naihapag kay Duterte ang mandamyento noong siya ay arestuhin at ipinaalam sa kanya ang kanyang mga karapatan bilang suspek. Inilinaw din nito na sumailalim si Duterte sa pagsisiyasat ng duktor, at idineklara siyang "ganap na mulat" sa mga hakbang na isinasagawa ng korte.

Itinakda ng korte ang kasunod na pagdinig sa Setyembre 23 para bigyan ng panahon ang kampo ni Duterte na makapaghanda. Sa pagdinig na ito pa lamang itatakda kung may sapat bang ebidensya ang prosekusyon para ituloy sa pormal na paglilitis ang kaso.

Kung mapapatunayang nagkasala, maaring mahatulan si Duterte ng hanggang 30 taon na pagkakabilanggo, pagbabayarin ng multa at kukumpiskahin ang kanyang mga ariarian na napasakanya dahil sa krimen. Maaari ring ipag-uutos ng korte na bayaran niya ang mga biktima ng kumpensasyon para sa lahat ng nawala sa kanila. AB



Krisis sa kabuhayan, direktang atake sa kababaihan

Ginunita ng libu-libong kababaihan ang Internasyunal na Araw ng Kababaihang Anakpawis sa gitna ng rumaragasang krisis sa kabuhayan at pulitika. Tinawag nilang atake sa kababaihang Pilipino ang pagbagsak ng antas ng pamumuhay ng mga pamilyang Pilipino, na direktang resulta ng neoliberal na mga patakaran ng deregulasyon, pribatisasyon at liberalisasyon ng magkakasunod na reaksyunaryong rehimen. Kinundena nila ang kainutilan ng kasalukuyang rehimen ni Ferdinand Marcos Jr na ibaba ang presyo ng pagkain at ibang bilihin, gayundin ang pagpapahintulot niya sa mga pribadong kumpanya na itaas ang singil sa mga pampublikong yutilidad.

Hindi maikakaila ang bigwas sa kababaihan at mga bata dulot ng pagbagsak ng ekonomya, kawalan ng trabaho, barat na sahod at mababang kita, at ng isinapribado at mahal na panlipunang serbisyo. Nananatiling mataas ang presyo ng bigas, karne at isda, sa kabila ng mga pangako ng rehimen na ibaba ito sa pamamagitan ng dagdag na importasyon. Nagtaas ang singil sa kuryente at tubig, at tataas na ang singil sa LRT simula Abril 2. Walang awat ang pagtaas ng presyo ng LPG at iba pang produktong petrolyo.

Nagtipon at sama-samang sumayaw bilang protesta ang kababaihan at iba pang mga sektor sa Maynila, Laguna, Batangas, Baguio, Tabuk City sa Kalinga; Iloilo, Capiz at Aklan sa Panay; Naga at Legazpi sa Bicol, at sa Davao.

Halos kalahati ng kababaihang edad 15-65 ay hindi ibinibilang ng estado sa "pwersa ng paggawa" ng bansa. Itinuturing silang hindi produktibo, kahit katuwang sila ng kanilang mga asawa sa bukid, lansangan at iba pang mga lugar kung saan nakapipiga sila ng kaunting kita.

Ang kababaihang kinikilalang may trabaho ay nasa mga sektor ng serbisyo kung saan laganap ang kontraktwalisasyon at minimum lamang o mas mababa pa ang tinatanggap na sahod. Kahit sa malalaking empresa, hindi sila mga regular. Sa loob ng gubyerno, apat sa bawat 10 empleyadong nakapailalim sa kaayusang *job order/contract of service* ay babae.

Sa pangkalahatan, tumatanggap sila ng mas mababang sahod kumpara sa kalalakihan. Binibigyan sila ng mga trabahong "bagay" sa kanilang mga "tradisyunal" na papel na mas madalas ay nasa mababang andana ng produksyon at burukrasya. Sa eskwelahan pa lamang, karaniwan silang itinutulak sa mga kursong pananahi, pagpapaganda (*beauty care*), at pagsesekretarya na mababa ang sahod at kadalasan ay hindi regular ang trabaho. Inilalaan sa mga lalaki ang mga trabahong may mas malaking potensyal na maging regular at magkaroon ng matataas na pusisyon.

Napakaliit ng bilang ng unyonisadong mga manggagawa, pero higit pang maliit ang bilang ng mga unyonisadong kababaihan. Kalakhan ng natitirang unyon ay nasa mga industriyang tradisyunal na dominado ng kalalakihan, tulad ng pagmamanupaktura at konstruksyon.

Di kataka-taka, mga babae rin ang pinakamaraming sinisisante ng mga kapitalista.



Sa nakaraang mga taon, libu-libong kababaihan ang nawalan ng trabaho nang magsara ang mga dayuhang kumpanya ng *garments* sa loob ng mga *export processing zone* sa Cebu. Nasa panganib naman ang trabaho ng kababaihang bumubuo sa hanggang 55% ng mga empleyado sa mga *business process outsourcing* o BPO dulot ng paggamit ng mga dayuhang kumpanya ng *artificial intelligence*.

Liban sa malawakang tanggalan dahil sa *redundancy*, marami ring kababaihan ang sinisipa sa trabaho dahil sa diskriminasyon. Sa malalaking empresa, sadyang hindi tinatanggap ang mga buntis o may mga asawa (dahil posibleng mabuntis). Nasisisante sila pagkatapos manganak dahil hindi sila saklaw ng batas sa *maternity leave*. Walang ibinibigay na suporta ang kapitalista at ang estado sa kababaihang may maliliit na anak.

Lalong matingkad ang hindi pagkakapantay-pantay at kahirapan ng kababaihan sa kanayunan. Sa ilang dekada ng pagpapatupad ng reporma sa lupa, 19% lamang ang kababaihang may hawak na *emancipation patent* at 31% naman sa *certificate of land ownership agreement* o CLOA.

Dala ng kawalan ng lupa at kasalatan ng trabaho, milyun-milyong kababaihan ang nangingibang-bayan para kumita. Anim sa bawat 10 migranteng Pilipino ay babae. Mabababang klase ang kanilang trabaho at bulnerable sa abuso, matinding pagsasamantala at *human trafficking*. Kabilang sa mga biktima ng *human trafficking* si Mary Jane Veloso, na 15 taong nakulong sa Indonesia, na nakaligtas sa parusang kamatayan at, bagaman nakakulong pa, ay naiuwi sa bansa, sa tulak ng kanyang mga kamag-anak,

Sundan sa pahina 5

Mula sa pahina 4

kaibigan at tagasuporta.

Sa usapin ng kalusugan, hindi lamang pahirap, kundi nakamamatay sa kababaihan ang mga patakaran ng estado. Hanggang ngayon, hindi natutugunan ng estado ang *maternal mortality* o pagkamatay ng kababaihan dulot ng panganganak. Mula Enero hanggang Agosto 2024, nakapagtala ng 470 *maternal death*, katumbas ng 59 na namamatay sa panganganak kada buwan. Sa nakaraang taon, umabot sa 1,868 ang *maternal death*.

Kulang na, pribado pa, ang mga pasilidad pangkalusugan para sa kababaihan. Mahigit kalahati (58%) ng mga paanakan ay pribado at sumisingil ng ilampung libong piso sa normal na panganganak, at laluna kung nangangailangan ng operasyong sesaryan. Napakamahal ng tsek-ap at paggamot ng mga sakit na dinaranas ng kababaihan tulad ng *breast* at *cervical cancer*. Noong 2022, nakapagtala ng 33,079 na bagong kaso ng *breast cancer*, kung saan 11,857 ang naitalang namatay, katumbas ng 32 kababaihan kada araw.

Hindi sapat ang proteksyon ng estado sa kababaihan, laluna sa batang kababaihan. Noong 2023, 142,276 ang kaso ng pagbubuntis ng mga tinedyer, at may 390 kabataang kababaihan ang nanganak kada araw. Sa bilang na ito, 3,343 ay pagbubuntis ng mga batang edad 15 pababa at 99% sa mga kasong ito ay bunga ng *statutory rape* o panggagahasa ng mas matandang lalaki na gumamit ng kapangyarihan o awtoridad.

Mas malala ang kawalang proteksyon ng estado sa mga bata laban sa sekswal na pagsasamantala. sa buong mundo, sentro ng produksyon ng *child sexual abuse materials* ang Pilipinas. Noong 2023, nakatanggap ang Pilipinas ng halos 3 milyong reklamo, katumbas ng higit 7,500 reklamo kada araw ng hinihinalang *online child sexual exploitation*. Walang tugon ang estado sa mayorya sa mga reklamong ito, kaya nagpapatuloy ito nang walang pakundangan.

Sa gitna ng krisis at kahirapan, lalong tumindi ang karahasan laban sa kababaihan. Sa limitadong ulat ng pulis, may 12,046 kaso ng iba't ibang uri ng karahasan sa kababaihan noong Enero hanggang Nobyembre 2024, mas mataas sa 11,585 kaso noong 2023. Sinasabing isa lamang sa 10 kaso ng karahasan sa kababaihan ang naiuulat sa mga pulis dulot ng kawalang tiwala nila sa mga awtoridad. Lalong naging mahirap sa mga biktima na lumantad sa panahon ng *social media*, kung saan laganap ang kultura ng paninisi sa mga biktima at pananahimik na lamang dahil sa paniniwalang walang magbabago matapos isiwalat ang krimen. AB

Karahasan ng estado laban sa kababaihan

WALANG LUBAY ANG pang-aatake ng reaksyunaryong estado sa kababaihan sa ngalan ng gera kontra-insurhensya. Libu-libong kababaihan ang biktima sa mga paglabag ng armadong mga pwersa nito, laluna sa kanayunan. Bahagi sila ng mga komunidad na pinaghahari-harian ng militar at binobomba, at ipinaiilalim sa blokeyo at kontrol.

Mula nang maupo si Marcos Jr sa poder, di bababa sa 23 kababaihan ang pinatay ng mga ahente ng estado sa tabing ng gera kontra-insurhensya. Siyam sa kanila ay mga sibilyang pinaratangang mga Pulang mandirigma at pinatay sa gawa-gawang mga engkwentro. Kabilang sa mga ito sina Jelyn Deomo, Sheryl Dejomo at Divina Ajitan na pinatay ng 96th IB sa Masbate, at ang mag-inang Cristina Jacolbe at kanyang babaeng anak na si Everlee na pinatay ng 79th IB sa Negros Oriental. Ang iba ay mga Pulang mandirigma na nadakip, pinahirapan bago sadyang patayin, tulad nina Wilma Tiamzon, Hannah Cesista, Annabel Talon, Glorivic Belandres at Kaliska Peralta.

Hindi bababa sa 20 kababaihan ang dinukot ng mga ahente ni Marcos Jr. Tatlo sa kanila, sina Elgene Mungcal, Ma. Elena Pampoza at Lyngrace Martullinas, ay hindi pa inililitaw hanggang ngayon. Ilan sa kanila ang nakahulagpos sa kamay ng mga sundalo, tulad nina Jhed Tamano, Jonila Castro, Rowena Dasig at Dyan Gumanao. Ang iba naman ay lihim na ikinulong sa kampo militar tulad nina Mariel Rebato at Monica Ogacho, kasama ang kanilang mga sanggol.

Sadyang tinatarget ng mga sundalo ang mga buntis o kapapanganak lamang na pinaghihinalaan nilang Pulang mandirigma o asawa ng Pulang mandirigma para pwersahin silang sumuko at ang kanilang mga asawa. Isa rito si Cherilyn Rebita, na dinukot mula sa tinutuluyan niyang bahay at tagong ikinulong hanggang manganak. Kinidnap ng mga sundalo ang kanyang anak para pwersahin siyang isuko ang kanyang asawa na isa ring Pulang mandirigma.

Sa mga komunidad ng magsasaka na inuokupa ng militar, pasimuno ang mga sundalo sa karahasan laban sa kababaihan. Hindi bababa sa walong kaso ng panggagahasa ang naiulat sa mga komunidad sa Northern Samar, Camarines Norte, Batangas at Oriental Mindoro. Menor-de-edad ang biktima sa dalawang kaso. Dalawa naman ang nag-ulat na may ibang sundalong umakto bilang "lo-ok out" habang isinasagawa ang krimen.

Mula Hulyo 2022 hanggang Enero, hindi bababa sa 27 kababaihan ang inaresto ng rehimeng Marcos sa gawa-gawang kaso ng *illegal possession of firearms and explosives* at idinawit sa armadong kilusan. Marami sa kanila ay matatanda na, tulad nina Presentacion Saluta, 63; Dolores Rapsing Belibit, 70; Adora Faye de Vera, 66; at pinakahuli, si Myrna Cruz-Abraham, 69. Sina de Vera at Cruz-Abraham ay nakalaya na, pero mas marami ang nananatiling nakakulong sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Koresponsal

“Tour of duty” sa BHB

Isang buwang sumanib sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Tagalog sina Ka Cloud at Ka Malen bilang bahagi ng kanilang “tour of duty” o TOD. Ang “TOD,” integrasyon o pakikipamuhay ay iba-ibang katawagan sa paglubog ng mga kasapi ng rebolusyonaryong organisasyong masa at Partidista mula sa kalunsuran sa BHB para magkaroon ng kongkretong karanasan sa armadong rebolusyon.

Galing sa uring petiburges sina Ka Cloud at Ka Malen. Hindi sila sanay sa buhay sa kabundukan. Madalas silang nahirapan, lalo na sa paglalakad, pero masaya pa ring nangahas na umangkop sa manera ng hukbo. Sumabay sila sa pagbagtas sa matatarik at madudulas na tereyn, paggawaing masa, pagsasanay militar at paggampan sa mga gawaing teknikal.

Para kay Ka Cloud, pinakamabubuting taong nakilala niya ang nakapiling na mga Pulang mandirigma. Nasaksihan niya ang kapasyahan ng mga mandirigma sa harap ng maraming hamon ng buhay gerilya. Nakita niya ang kaseryosohan ng Pulang hukbo sa pagtalima sa kilusang pagwawasto at pag-igpaw sa mga kahinaan.

Habang nakasanib, nagsanay si Ka Cloud bilang upisyal sa lohistika. Naging responsibilidad niya ang pag-imbentaryo ng suplay, pagpapagana ng kusina at pagtitiyak ng pagkain ng yunit. Sa umaga pa lamang, bubungad na sa kusina ang "Good morning, mga kasama!" ni Ka Cloud.

Lubos naman ang pagpapasalamat ni Ka Malen sa pagtuwang at pag-unawa ng mga kasama sa kanyang mga kahirapan sa pag-angkop sa buhay sa sona. Nagsanay siya bilang giyang pampulitika ng kanyang pormasyon. Nakita niya dito ang lugar ng tunggalian ng mga ideya at punahan ng mga kasama sa diwa ng kilusang pagwawasto. Nakita niya kung paano ang pagalalay ng mga kasama sa isa't isa.

Sa araw ng pag-alis ng dalawa, naglunsad ng kapehan ang yunit upang tasahin ang kanilang pakikisalamuha sa hukbo. Kahit maiksi ang kanilang pamamalagi, nakahalaw ng mga aral at inspirasyon kapwa ang dalawa at ang mga Pulang mandirigmang kumupkop sa kanila. Pangako ng dalawa na sa kanilang pagbabalik saanmang larangang gerilya, makapagsasama sila ng iba pang kabataan.

Patunay ang karanasan nina Ka Cloud at Ka Malen na hindi hadlang sa mga rebolusyonaryo sa kalunsuran ang kakapusan sa kasanayan para maging Pulang mandirigma. Naghihintay ang mga larangang gerilya at handa ang mga Pulang mandirigma na magsanay sa mga kabataang lungsod na mangangahas na sumanib sa hukbong bayan. AB

Rebyu sa Ulos 2024



SADYANG NAPAPANAHON at mapanghamon ang paglalathala ng Ulos 2024. Tunay ngang isang siyensiya at sining na rin na maituturing ang makaangkop at makatugon sa mga ano, bakit at papaano ng kasalukuyang konteksto ng ating pakikibaka sa pamamagitan ng mga obra na mga tula, dula, balagtasan, liriko ng kanta, drowing at dibuho.

Masasabing naging epektibo ang mga piling akda at dibuho sa Ulos 2024 dahil nakalikha ito ng samutsaring dating o impresyon sa mga mambabasa. May kurot sa puso ang mga tula, liham at sanaysay-parangal para sa mga nauna nang kasama na naging “masining” at “mapanlikha” ang buhay dahil sa paggampan ng hindi matatawarang mga misyon at tungkulin alang sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Dinadala ng mga pahina nito ang mambabasa sa taimtim na pagtanaw sa iba’t ibang kontradiksyong personal at panlipunan pero sa bandang huli ay naipapaliwanag nito ang kawastuhan sa pagpili ng pagtahak sa lagpas-sa-sariling mithiin ng pagrerebolusyon para sa bayan at sa uri.

Naging matagumpay ang agos ng mga sinulat at sining-biswal para dalhin nito ang mambabasa sa mas mataas na pag-unawa, mas mataas na moral at mas resolbadong determinasyon para maging tagapagsulong ng kultura ng pagwawasto.

Nasa ganitong diwa kaya tuluy-tuloy dapat ang kampanya at panawagang basahin ang buong libro ng Ulos! Isabay ang pagbabasa nito sa mga pagbabasa sa mga batayang dokumento na kailangang pag-aralan at suriin. Napakagandang gamitin ang mga akda bilang inspirasyon habang isinasagawa ang mga pulong pagsisiyasat, pagsisinop sa mga paglalagom, pagpupuna at pagpupuna-sa-sarili at iba pang gawain sa ideolohiya, pampulitka at organisasyon.

Sa panahon ngayon, lalo na sa kalunsuran, ang oras na ibinibigay para sa pagbabasa, pagsusuri, pakikipag-aralan at gawaing masa ay nagiging larangan na rin ng tunggalian dahil sa kontra-agos na impluwensya ng hindi wastong paggamit sa internet at *social media*. Ayon pa sa unang pananalita ng Ulos 2024, “ang pagbabago ng kaisipan at mga gawi, indibidwal at kolektibo, ay isang gawaing pangkultura.” Kung kailangan magpanibagong-hubog sa paggamit ng internet at *social media*, ito ay gawin. Kung kailangan kritikal na iwaksi ang mga petibuges na impluwensya mula sa iba’t ibang materyal at instrumentong sumasalakay sa ating proletaryong diwa at gawi, kailangan itong ipagtagumpay. Isang kulturang naninindigan laban sa suhetibismo at mga petiburges na kaisipan at gawi ang sama-sama nating kritikal at malikhaing isulong!

SA MADALING SALITA

64%

ng naitalang mga paglabag sa pangangampanya ay mga kaso ng *Red-tagging*, kasunod ang iligal na pangangampanya, pagbili ng boto at iligal na paggamit ng pampublikong rekurso.

Pinagkunan: Vote Report PH, Marso 14 2025

₱200/araw

dagdag ni Marcos sa espesyal na alawans ng mga sundalo (regular at reserba) mula ₱150 tungong ₱350, dagdag sa sweldo ng mga pasistang pinakamataas na sa karaniwang mga kawani ng gubyerno. Kabaligtaran nito, nasa abereyds na ₱35 lamang ang dagdag sa minimum na sahod ng mga manggagawa sa buong bansa, na tumatanggap nang wala pa sa kalahati ng nakabubuhay na sahod.

50%

itinaas ng dami ng inangkat na karneng baboy noong Enero na nagpapababa sa presyo bilihan sa lokal na magbababoy. Sa kabila nito, nananatiling mataas ang presyo ng baboy sa mga palengke.

Jay Kamote, Miggy Mango, Xiaomi Ocho

dagdag na mga pekeng pangalan na tumanggap ng bayad mula sa *confidential funds* ni Sara Duterte. Kabilang ang "**Mary Grace Piattos**," ang mga pangalang ito'y naging mitsa para imbestigahan ang maanomalyang paggamit ni Duterte sa pondo.

₱2.02 TRILYON

ang ibinayad ng gubyerno sa utang noong 2024, 26% mas mataas kaysa ₱1.6 trilyon ibinayad noong 2023. Lalo pa itong tataas sa susunod na mga taon, matapos ang walang awat na pangungutang ng Pilipinas sa ilalim na rehimeng Duterte at Marcos.

4.4 EKTARYA

ang sinaklaw ng iligal at mapangwasak pagkukwari sa Bugo, Cagayan de Oro. Napatigil ito ng mga residente sa pamamagitan ng kanilang nagkakaisang pagkilos.

160

estado ang nagtatag sa **Rome Statute** noong Hulyo 17, 1998 sa Rome, Italy at nagbuo sa ICC bilang permanenteng korte na may hurisdiksyon sa pinakamalalang krimen na may internasyunal na kabuluhan, tulad ng henosidyo, krimen laban sa sangkatauhan, krimen sa digma at krimen ng agresyon.



₱1.225 B + ₱274.8 M

nawaldas sa pagpapagawa ng Cabagan-Santa Maria Bridge sa Isabela na gumuho noong Pebrero 27, 26 araw matapos ito buksan sa publiko.



Mapanirang proyektong dam sa Occidental Mindoro

Panibagong banta sa buhay at kabuhayan ng mga magsasaka, katutubong Mangyan-Buhid, at mamamayan sa hangganan ng San Jose at Rizal, Occidental Mindoro ang planong pagtatayo ng dam sa mga ilog ng Kayakyan at Busuanga, na nasa hangganan ng dalawang bayan. Ang Kayakyan ay isang mayor na pasanga sa Busuanga, isa sa malalaking ilog sa prubinsya.

Sampung pamayanan ng katutubong Mangyan-Buhid ang kagyat na nakaasa sa ilog ng Kayakyan para sa kanilang kabuhayan at mga pang araw-araw na pangangailangan. Nagsisilbi rin itong pinagmumulan ng tubig para sa irigasyon sa hindi bababa sa pitong barangay.

Ang Lipitan Small Reservoir Irrigation Project

Ang Lipitan Small Reservoir Irrigation Project ay naglalayong magtayo ng dalawang dam sa ilog ng Kayakyan at Busuanga upang paunlarin umano ang sistema ng irigasyon sa mga barangay sa San Jose at Rizal. Pinangungunahan ito ng National Irrigation Administration (NIA) sa pamamagitan ng Irrigation Management Office ng Occidental Mindoro.

Sa pagpapatupad ng proyekto, tahasang binalewala ng reaksyunaryong gubyerno ang sariling huwad na batas na Indigenous People's Rights Act (IPRA) na nagsasaad na dapat munang kunin ang Free, Prior, and Informed Consent (FPIC) o malayang pahintulot ng mga katutubong pamayanan na saklaw ng mga proyekto.

Dalawang dam ang planong itayo para sa naturang proyekto. Una, ang *impounding dam* na siyang iipon sa tubig mula sa hulo o mataas na bahagi ng ilog ng Kayakyan.

Ikalawa, ang "diversion dam" na itatayo sa ilog ng Busuanga sa hangganan ng mga barangay ng Central ng San Jose, Pitogo, at Sto Niño ng Rizal. Ang ikalawang dam ang maglilihis sa agos ng tubig upang maabot nito ang mga barangay padikit sa sentro ng San Jose.

Ipinangangalandakan ng NIA na nasa 6,676.20 ektaryang mga sakahan at 4,334 magsasaka ang "makikinabang" sa itatayong irigasyon. Pero mas mayor na layunin ng dam ang *hydropower* na lilikha ng 2.5 *megawatt* na kuryente na diumano'y tutugon sa malaking kakapusan sa suplay ng kuryente sa Occidental Mindoro.

Sa taya, aabot sa ₱6.94 bilyon ang badyet para sa proyekto na popondohan ng pautang ng Japan International Cooperation Agency. Sisimulan ang konstruksyon sa 2027 at matatapos sa 2032.

Perwisyo sa masang Mindoreño

Tinatayang mahigit 40,000 mamamayan ang apektado ng proyekto.

Limang pamayanan o humigit-kumulang 1,400 katutubong Mangyan-Buhid ang palalayasin sa mga pook-panirahan at mga lupang taniman. Lima pang pamayanang katutubo, na may populasyong 2,200, ang mabubura dahil sa lapit ng mga ito sa ilog at sa mismong itatayong dam.

Nanganganib din ang mga barangay na nasa kapatagan sa panabihan ng ilog ng Busuanga. Direkta silang apektado ng pagbaha na lilikhain ng dam sa tuwing magpapakawala ito ng malaking bolyum. Ngayon pa lamang, madalas na binabaha ang mga lugar sa kapatagang bahagi ng hangganan ng San Jose at Rizal.

Noong 2024, tinutulan ng mamamayan ang naturang proyekto na inialok sa kanila ng lokal na gubyerno. Sa kabila nito, pilit silang pinasasang-ayon sa proyekto ng mga armadong elemento ng 203rd IBde at mga pulis. Dahil sa pagtutol, arbitraryo silang pinararatangang mga tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan. Maging ang mga upisyal ng mga barangay na apektado at maliliit na negosyante ay tinatakot upang pigilan silang magsalita laban sa proyekto.

Sa pagdurusa ng karaniwang mamamayan, inaasahang milyun-milyon ang kikitain ng mga pribadong kontraktor na kokopo ng mga kontrata sa proyekto at kaakibat na mga imprastruktura tulad ng itatayong mga kalsada at tulay papunta sa target na lugar. Tatabo rin ng kita ang mga konsesyunaryo ng kuryente katulad ng San Miguel Corporation ni Ramon Ang at OrMin Power Inc ni Jolly Ting mula sa makukuhang enerhiya sa dam.



Nakapakat at palagiang nag-ooperasyon sa lugar na pagtatayuan ng dam ang mga pasistang pwersa ng 203rd Bde at mga pulis para protektahan ang mapanirang proyekto.

Mula sa Alab, rebolusyonaryong pahayagan sa Mindoro. AB


Mapangwasak na mga *war games* ng US sa South Korea at Pilipinas

Umarangkada na ang pinakamalalaking *war games* o pagsasanay sa gera ng imperyalismong US sa rehiyon ng Asia Pacific ngayong 2025. Sinimulan ng US sa Republic of Korea (ROK) noong Marso 10 ang Freedom Shield *war games* habang nakatakdang isagawa ang pinamakalaking Balikatan *war games* sa Pilipinas sa darating na mga buwan. Isinasagawa ang mga ito kasabay ng marami pang mas maliliit na *war games* at aktibidad ng militar ng US sa iba't ibang sulok ng rehiyon.

Ang mga *war games* na ito ay pinalalabas na mga "ehersisyong pandepensa" at pagpapalakas ng alyansa. Ang tunay na layunin ng mga ito ay palakasin ang "interoperability" o kontrol ng mga militar ng US sa mga pwersang militar ng Pilipinas at ibang bansa. Ginagamit din ang mga ito ng US para panatilihin ang kontrol sa rehiyon at higit pang paigtingin ang tensyon sa katunggali nitong imperyalistang bansang China at sa North Korea.

Freedom Shield 25

Hindi bababa sa 19,000 pwersang militar ng South Korea at US ang lumahok sa Freedom Shield (FS) 25 na tumagal ng 11 araw o hanggang Marso 21. Nasa 17 pinagsanib na mga *war games*, mula sa 10 *war games* noong 2024, ang inilunsad ngayong taon. Naglunsad ng iba't ibang tipo ng pagsasanay militar ang tropa ng US at South Korea kabilang ang mga *live-fire* (pagkarga ng tunay na mga bala o artileriya) *exercises* sa kalupaan, katubigan at himpapawid sa bansa.



Ang taunang *war games* na ito ay itinuturing ng Democratic People's Republic of Korea (DPRK o North Korea) bilang "paghahanda para sa pananakop" sa kanilang bansa ng mga pwersang militar ng US at South Korea. Bilang tugon at pagpapakita ng determinasyong magtanggol sa pambansang soberanya nito, nagpalipad ang DPRK ng mga *ballistic missile* sa karagatan.

Bago ang FS25, kabi-kabila na ang isinagawa ng US na aktibidad militar. Isa rito ang ginanap noong Marso 5, kung saan nabomba ng US at South Korea ang komunidad sa Nogok-ri, bayan ng Pocheon, Gyeonggi dahil sa maling mga koordineyt (lokasyon) na nailagay sa mga kompyuter ng *jet fighter*. Walong bombang MK-82 (may bigat na 500-libras) ang "aksidenteng" naihulog ng eroplanong pandigma.

Hindi bababa sa 30 sibilyan ang nasugatan sa insidente. Maraming mga kabahayan at gusali ang nasira habang dumanas ng labis na troma at takot sa mga residente.

Nanindigan ang meyor ng Pocheon na hindi na dapat magsagawa ng katulad na mga *war games* sa kanilang bayan hangga't hindi natitiyak ng militar na hindi na mauulit ang katulad na aksidente. Tatlong malalaking pasilidad militar, na saklaw ang 4,960 ektaryang lupa, ang nasa bayan ng Pocheon.

Paghahanda sa Balikatan Exercises "SABAK" 2025

Sa pagsisimula pa lamang ng 2025, umarangkada na ang paghahanda ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at mga pwersa ng US para sa taunang Balikatan *war games* sa Pilipinas. Nakatakdang ilunsad ang ika-40 serye ng Balikatan sa teritoryo ng Pilipinas sa Abril at Mayo. Binansagan ang Balikatan ngayong taon bilang SABAK 2025. Inaasahang hihigitan nito ang 16,000 tropang Pilipino at Amerikano na lumahok sa nakaraang taon.

Sa anunsyo ng AFP, liban sa paglahok ng napakalaking bilang ng mga sundalo ng US ay lalahok rin ang armadong pwersa ng Australia, Japan at iba pang mga bansa. Noong 2024 ay mayroong mga upisyal militar ng 14 pang mga bansa ang nagsilbing "tagamasid" sa *war games*. Pangunahing isasagawa ang mga *war games* sa Luzon at Palawan.

Bilang paghahanda, inilunsad ng AFP ang Combined Arms Training Exercise (CATEX) “Katihan” Battle noong Marso 3 hanggang Marso 12. Lumahok dito ang 6,000 sundalong Pilipino.

Ilang serye rin ng mga maniobrang militar ang inilunsad ng Pilipinas kasama ang US, Australia, Japan at Canada sa karagatan at himpapawid ng Pilipinas.

Noong Pebrero 21, nakipagpulong ang hepe ng AFP sa kumander ng US Indo-Pacific Command. Idinaos din ang mga pulong ng AFP sa mga upisyal at pwersa ng Japan, France, at Germany sa nagdaang kwarto. AB

Welga sa Nexperia Philippines, tagumpay

NATULAK NG 74 oras na welga ng Nexperia Philippines Inc. Workers Union ang kapitalista ng multinasyunal na kumpanya na bigyan ng konsesyon ang mga manggagawa sa pakikipagtawaran nito para sa bagong Collective Bargaining Agreement (CBA). Umaray ang kapitalista matapos umabot sa tinatayang ₱1.26 bilyon ang nawalang kita ng kumpanya dulot ng welga mula Marso 5 ng hapon hanggang Marso 8.

Sinalubong ng suporta ang mga welgista ng mga kapwa manggagawa at ibang organisasyon sa labas ng Light Industry and Science Park 1 sa Cabuyao City, Laguna. Nakamit ng unyon ang pagbabalik sa trabaho sa pangulo ng NPIWU na si Mary Ann Castillo at isa pang upisyal ng unyon na sinisante. Nakuha rin ng unyon ang dagdag na ₱17 kada araw para sa 2024, ₱19 para sa 2025, ₱21 para sa 2026 at ₱20,000 *signing bonus*. Malinaw ring isinaad sa kasunduan na ipinagbabawal ang kahit anong hakbang-paghihiganti sa mga manggagawang lumahok sa welga.

Ayon kay Castillo, matagumpay ang kanilang welga dahil marami ang namulat sa kalagayan ng mga manggagawa sa Nexperia at nakiisa sa kanilang laban. Dagdag pa niya, lumakas ang loob ng mga unyonista at handa silang higit pang lumaban para sa kanilang mga karapatan.



Ibalik ang mga tahungan sa Navotas. Nagtungo sa *city hall* ng Navotas ang mga mangingisda at magtatahong sa ilalim ng Pamalakaya noong Marso 14, para igiit sa lokal na gubyerno na pahintulutan silang ibalik ang kanilang mga tahungan. Sa araw ding ito noong nakaraang taon, dinemolis ng gubyerno ang kanilang mga tahungan sa tabing ng "rehabilitasyon" ng Manila Bay. Mahigit 200 tahungan ang dinemolis noong nakaraang taon para bigyan-daan ang 650-ektaryang proyektong reklamasyon ng San Miguel Corporation sa Navotas.

Hustisya para sa mga residente sa Balubad. Nagmartsa sa Angeles City sa Pampanga ang mga residente ng Sityo Balubad, Barangay Anunas noong Marso 12 para manawagan ng hustisya sa marahas at iligal na demolisyon sa kanilang komunidad noong Marso 12, 2024. Sa demolisyon noong nakaraang taon, 600 pamilya at 48 magsasakang benepisyaryo ng *certificate of land ownership award* ang pinalayas mula sa kanilang lupa.

Mga konsyumer laban sa matataas na presyo. Kinalampag ng protesta ng iba't ibang mga grupong bahagi ng Samahan at Ugnayan ng mga Konsyumer Para sa Ikauunlad ng Bayan (Suki Network) noong Marso 14 ang mga palengke sa Metro Manila para ipanawagan ang pagpapababa sa presyo ng pagkain, bilihin at mga yutilidad. Nagkaroon din ng hiwalay na protesta ang kabataang estudyante kasama ang mga manggagawa para tutulan ang pagtaas ng singil sa pasahe sa tren.

3 pinaslang ng AFP sa mga pekeng engkwentro sa Mindoro at Negros

DALAWANG KASO NG pekeng engkwentro ang naitala sa Mindoro at Negros sa loob lamang ng isang linggo kung saan tatlo ang pinaslang ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Tahasang paglabag sa internasyunal na makataong batas at alituntunin ng digma ang sadyang pagpatay ng AFP sa mga biktima.

Sa Negros Occidental, dinampot ng mga ahente ng Crime Investigation and Detection Group sina Noynoy Ponteras (Ka Jojo) at Marisa Pobresa (Ka Kim) noong Marso 7, alas-7 ng gabi, sa isang barangay sa Bacolod City. Kinabukasan, pinalabas silang napaslang sa isang armadong engkwentro ng AFP at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sityo Paraiso, Barangay Caduhaan, Cadiz City. Ayon sa BHB-Negros Island (Apolinario Gatmaitan Command), ang dalawan ay ipinailalim sa tortyur bago sadyang pinaslang.

Sa Oriental Mindoro, pinabulaan ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) na Pulang mandirigma ang sinasabi ng 4th IB na napaslang nito sa isang "engkwentro" noong Marso 14 sa Sitio Cabuyao, Barangay Panaytayan, Mansalay. Anang hukbong bayan, walang yunit o elemento ng BHB sa naturang barangay sa panahong iyon. Hindi pa natutukoy ang pagkakakilanlan ng biktima.

Sa parehong insidente, pinalabas ng AFP na mayroong nasamsam na mga armas, bala at pampasabog mula sa mga biktima.

Pag-aresto. Inaresto at tinangkang itago ng mga pwersa ng 3rd Special Forces Battalion ang lider-Lumad Manobo na si Michelle Campos at tatlo pa niyang kasama. Bumibyahe sila noong Marso 5 ng gabi sa Barangay Das-agan, San Francisco, Agusan del Sur. Nakausap lamang sila ng mga grupo sa karapatang-tao noong Marso 11 sa isang ospital sa Prosperidad.

Samantala, hindi pa rin natutunton ang kinaroroonan ng lider-Lumad na si Genasque Enriquez na inaresto noong Marso 2. Sina Campos at Enriquez ay mga kilalang tagapagtaguyod ng karapatan ng kanilang komunidad sa Lianga, Surigao del Sur laban sa malalaking korporasyon ng pagmimina at pagtotroso.

Pananakit. Dinakip at binugbog ng 94th IB si Alberto Piaduche noong Marso 9 ng gabi habang sakay ng motorsiklo sa Sityo Tuyuman, Barangay Caradioan, Himamaylan City sa paratang na sila ay myembro ng BHB. Kasama niya noon ang isang kanaak. Ayon sa ulat, spilitang pinasakay sa isang *pick-up truck* ang dalawa at dinala sa loob ng hedkwarters ng militar. Doon binugbog si Piaduche at pinaamin na may ugnayan sa hukbong bayan. Pinakawalan sila nang maghatinggabi. AB